



With support from:



**PUMIRMA NA!
Suportahan ang kampanya para sa LIBRE, DEKALIDAD, at AKSESABLE
na SERBISYONG PANGANGALAGA NG BATA**

Sa araw-araw na nagkukumahog at nagkandarapa ang kababaihang Pilipino, lalung-lalo na 'yaong mga nasa kanayunan, pagawaan, at impormal na sektor, para gampanan ang pangangalaga at gawaing bahay habang naghahanapbuhay para madagdagan ang kanilang kakarampot na badyet ng pamilya. Bagama't may serbisyong day care sa ilang lugar, nagiging dagdag pa itong pasanin dahil nau-obliga silang maglaan pa ng kanilang oras sa pag-assist sa day care at mag-ambag sa mga pangangailangan nito dahil sa kakulangan sa badyet mula sa gobyerno.

Nakasaad sa maraming pandaigdigang at pambansang mga instrumento/batas na kumikilala sa pantay na karapatan at oportunidad para sa kababaihan. Subalit kabaliktaran ang nangyayari dahil sa loob ng maraming dekada nananatiling mababa ang porsyento ng kababaihan na aktibo sa paggawa. Batay na rin sa magkahihwalay subalit magkaka-ugnay na pag-aaral ng National Economic Development Authority (NEDA), United Nations Economic and Social Commission for Asia and the Pacific (UNESCAP), International Labor Organization (ILO), Oxfam Pilipinas, atbp., bunga ito, sa pangunahin, ng tradisyunal na pananaw na ang natatanging tungkulin ng kababaihan ay pangangalaga ng mga myembro ng pamilya at gawaing bahay.

Hindi natin dapat payagan na patuloy na umiral ang ganitong atrasadong pananaw na nakakasama sa kalagayan at katayuan ng kababaihang Filipino. May karapatan ang kababaihan kung kaya dapat nating igiit ang mga karapatang ito. Isang mahalagang pangangailangan ng kababaihan sa syudad man o sa kanayunan ay ang serbisyo sa pangangalaga ng mga bata. Sa Ingles ay "childcare" o "child-minding" services. Ang kaibahan nito sa kasalukuyang daycare services ay patatakbuhan ang whole-day childcare services ng mga propesyunal at trained na mga empleyado ng gobyerno na may sapat na sweldo at badyet para tugunan ang mga pangangailangan kapwa ng mga bata at ng mga taga-pangalaga. Karapatan ng kababaihan ang oportunidad na makapag-trabaho, mapaunlad ang sarili, maging bahagi ng mga proseso sa pagdedesisyon sa komunidad at lipunan, at maging bahagi ng pampulitika at sosyo-kultural na aspeto ng lipunan na kapantay ang kalalakihan.

Maaari niyo bang suportahan ang panawagan para sa pagsasabatas ng isang libre at dekalidad na serbisyo para sa pangangalaga ng mga bata sa ating bansa? Ang inyong pagsang-ayon at pagpirma sa campaign signature na ito ay malaking tulong sa unang hakbang para sa pagsasakatuparan ng panukalang ito para sa kagalingan ng kababaihan. Maraming salamat!

Para sa mga katanungan, ipaabot kay Pauline Fernandez, Advocacy and Communications Officer mula sa Pambansang Koalisyong ng Kababaihan sa Kanayunan, sa advocacy.ruralwomenph@gmail.com o 09276702816.

